

Ang pagsali sa eleksiyon ng iyong lokal na konseho ay isa sa mga pinakadiretsong paraan na ikaw ay makakagawa ng pagkakaiba sa pang-araw-araw na pamumuhay sa iyong komunidad.

Pag-isipan sandali kung paanong ang pang-araw-araw na pamumuhay ay napapabuti ng maraming serbisyong ibinibigay ng mga konseho. Ilarawan sa isip ang iyong komunidad na walang mga ilaw sa daan, walang nagkokolekta ng basura, walang mga aklatan, walang mga palaruan at mga pasilidad para sa mga samahang pang-isport, walang mga community hall, walang mga serbisyo para sa mga matatanda – at iba pa.

Ang mga desisyon tungkol sa mga serbisyo ng konseho, mga patakaran at mga proyekto ay ginagawa ng mga taong tulad mo, na kumakatawan sa mga kuru-kuro ng mga lokal na residente.

- Mga konseho sa SA -

BAHAGI

- ng iyong -

ARAW-ARAW.



Local Government Association
of South Australia

Awtorisado ni Matt Pinnegar
148 Frome Street, Adelaide SA 5000
Email: lgasa@lga.sa.gov.au
Phone: (08) 8224 2000

- gumawa ng pagkakaiba -

MAGPATALA

bago dumating ang Biyernes,
ika -10 ng Agosto 2018

KUMANDIDATO

bago dumating ang Martes,
ika -18 ng Setyembre 2018

BUMOTO

bago dumating ang Biyernes,
ika - 9 ng Nobyembre 2018

- 2018 -

**MGA ELEKSIYON
NG KONSEHO**



MAGPATALA

bago mag-alas-singko nang hapon,
Biyernes, ika-10 ng Agosto 2018



KUMANDIDATO

bago mag-alas-dose nang tanghali,
Martes, ika-18 ng Setyembre 2018



BUMOTO

bago dumating ang Biyernes,
ika-9 ng Nobyembre 2018



Paano ka makakagawa ng pagkakaiba?

Maiimpluwensiyahan mo kung ano ang mangyayari sa iyong lokal na komunidad sa dalawang paraan – sa pamamagitan ng pagkandidato para sa isang posisyon sa konseho, o sa pagboto para sa isang kandidato na mangangatawan ng iyong mga kuru-kuro.

Pagpapatala upang bumoto

Ang pagboto sa mga eleksiyon ng konseho ay bukas para sa isang malawak na hanay ng mga tao kaysa sa mga eleksiyong pang-estado at pederal. Kahit na ikaw ay hindi mamamayan ng Australya, at wala ka sa pang-estadong (House of Assembly) listahan ng botante, ikaw ay makakaboto sa isang eleksiyon ng konseho, basta't ikaw ay mahigit 18 taong gulang at nakapanirahan sa pook ng konseho nang mahigit sa isang buwan. Ikaw ay makakaboto rin sa isang eleksiyon ng konseho kung ikaw ay mayroong propyedad sa pook na masisingilan ng kabayaran, nakatira ka man doon o hindi.

Isa pang mahalagang pagkakaiba ay ang mga negosyo at mga samahang-pangkat ay makakaboto sa mga eleksiyon ng konseho.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging marapat at upang makakuha ng pormularyo sa pagrerehistro ng botante para sa suplementaryong listahan, pumunta sa www.lga.sa.gov.au/councilelections

Ang pagpapatala ay magsasara sa alas-singko nang hapon, Biyernes, ika-10 ng Agosto 2018.

Pagkandidato para sa isang posisyon sa konseho

Kung ikaw ay marapat na bumoto sa eleksiyon ng iyong lokal na konseho, ikaw ay malamang na marapat ding kumandidato para sa isang posisyon sa konseho. May ilan lamang na mga eksepsiyon (gaya ng pagiging bankrupt na hindi pa ipinapalagay ng batas na wala nang utang, o diskwalipikadong humawak ng katungkulan ayon sa isang kautusan ng korte), ikaw ay maaaring kumandidato para sa isang posisyon sa konseho maging anuman ang iyong kwalipikasyon, relihiyon, lahi, kasarian, karanasan o propesyon. Sa katunayan, ang mga konseho ay aktibong humihimok ng kandidatura mula sa mga taong mula sa ibat ibang kultura upang tiyakin na malawak ang mga kuru-kurong kakatawanin.

Ang The Local Government Association (Ang Samahan ng Lokal na Pamahalaan) at maraming mga konseho ay nagbibigay ng mga sesyong pang-impormasyon para sa mga potensyal na kandidato. Upang alamin ang higit pa tungkol sa mga sesyong ito o kung paano ang pagkandidato, pumunta sa www.lga.sa.gov.au/councilelections.

Ang pagkandidato para sa mga eleksiyon ng konseho ay bukas mula sa Martes, ika-4 ng Setyembre at magsasara sa alas-dose nang tanghali, Martes, ika-18 ng Setyembre 2018.

Ang pagiging miyembro mo ng konseho ay makakaimpluwensiya sa mahahalagang desisyon, tatalakay sa mga isyu na nakakabahala sa iyo at diretsong makakaapekto sa kalidad ng pamumuhay sa iyong komunidad. Ang pagiging isang konsehal ay maaaring maging magantimpala at kasiya-siya. Ikaw ay maraming matututuhan at magkakaroon ng mahahalagang pansariling pakikipag-ugnayan.

Pagboto sa 2018 na mga eleksiyon sa konseho

Ang pagboto sa mga eleksiyon g konseho ay ginagawa sa pamamagitan ng koreo. Kung ikaw ay nasa listahan ng botante na pang-estado (House of Assembly), o nagkumpleto ka ng isang pagpapatala upang sumali sa suplementaryong listahan, tatanggap ka ng isang pakete sa pagboto sa koreo malapit sa katapusan ng Oktubre 2018.

Ang balota sa iyong pakete sa pagboto ay magpapakita ng mga kandidato para sa eleksiyon sa iyong council ward. Upang alamin ang higit pa tungkol sa bawat kandidato at kung ano ang kanilang pinaninindigan, pumunta sa www.lga.sa.gov.au/councilelections, pagkatapos ay kumpletuhin ang iyong balota at ibalik ito sa sobreng selyado na.

Ang mga boto ay dapat matanggap bago mag-alas-singko nang hapon, Biyernes, ika-9 ng Nobyembre 2018.

Makilahok at gumawa ng pagkakaiba

Ang lokal na demokrasya ay mahalagang katangian ng buhay sa Australya, at ang mga konseho ay may mas malaking impluwensiya sa mga komunidad kaysa sa nalalaman ng karamihan ng mga tao. Gumawa ng pagkakaiba sa pamamagitan ng pagsali sa eleksiyon ng iyong konseho.

Para sa karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa website ng iyong konseho, o bumisita sa www.lga.sa.gov.au/councilelections.